# Puso Ni Lola

*Jhobilyn Arce Millares-IGLOSO LPT*

Lola Esya ang tawag sa kanya ng karamihan sa aming mga kapibahay, inilalarawan siyang mabait at mabagbigay ng mga tao sa baranggay pero sa mga Apo na kasama sa bahay kabaliktaran ang kanyang pakikitungo.

Lagi siyang galit, bawat kilos may bilang,pati sa dami ng pag kain na kakainin ay tinatakal.

Strikto at maldita ang tingin ng Apat na apo na kanyang kasama.

Kung tutuusin nais na ng kanyang mga apo na umalis doon kaya naisip nila mas malapit ang bahay ng kanilang lola sa kanilang mga pinapasukang opisina.

Isang araw sabay sabay umalis ang mga apo patungo sa kanya kanyang Trabaho, naiwang mag isa ang matanda sa bahay ng may tangkang mag nakaw buti nalang mabilis kumilos ang mga kabitbahay at nasaklolohan ang matanda,nabalitaan ng mga apo ang nangyari kung kayat agad silang umuwi, at niyakap ang kanilang lola at halata parin na takot ito sa mga nangyari.

Naunawaan na nila ang matanda kung bakit mabait at mabuti ang puso sa mga kapitbahay sapagkat madalas wala siyang kasama sa bahay,kailangan nyang magtanim ng kabutihan upang pag kailangan nya ng tulong ay hindi mag aatubili ang mga ito na siya ay tulungan.

Naintindihan narin nila ang pagiging strikto nito upang makauwi sila ng tama sa oras para makasama sila,nauunawaan narin nila kung bakit kailangan matipid sa pag kain upang kapag may humingi ng tulong mayroon siyang maibigay.

Dahil sa mga nangyari minahal at inunawaan nila ang kanilang lola at di nila ito hinahayang mag isa sa bahay bagkos may isa lagi sa kanila ang nakakasama upang di na muli mangyari ang nangyari ng nakaraan.

Binigyan nila ng mas makulay na buhay ang kanilang lola upang mas humaba pa ang kanilang pagsasama bilang isang pamilya.